

Imbitasyon sa Email para sa mga PILOT na NEGOSYO

Subject: Choose Local San Mateo County - Libreng Smartphone App para sa mga Maliliit na Negosyo

Minamahal naming Tagapagmay-ari ng Maliit na Negosyo,

Lubos kaming natutuwing ianunsyo ang paglulunsad ng **Choose Local San Mateo County** ngayong Setyembre. Ang **Choose Local San Mateo County** ay isang smartphone app na ini-sponsor ng County ng San Mateo, bilang pagtutulungan sa inyong Lungsod at Chamber of Commerce, at naglalayong hikayatin ang mga lokal na residente na mamili, kumain at tumuklas ng mga lokal na pagmamay-arang negosyong malapit sa kanila bilang alternatibo sa mga chain store o malalaking shopping website online.

Kabilang sa mga pangunahing detalye ng programang ito:

- Ang app ay isang **LIBRENG** platform para sa paggamit ng mga kwalipikadong lokal na maliliit na negosyo at propesyonal para gawing patas ang labanan sa malalaking negosyo na may sarili nilang mga app ng kumpanya.
- Hindi kailanman hihilingin sa inyo na magbayad para lumahok o maitampok sa app.
- Binubuo at inilulunsad ang app ng County ng San Mateo gamit ang pondo para sa pagbangon ng ekonomiya mula sa COVID-19 na may layuning suportahan ang mga lokal na maliliit na negosyong naapektuhan ng pandemya at makatulong sa pagbangon ng ekonomiya.
- Ang **Choose Local San Mateo County** ay dinisenyo para gantimpalaan ang mga residente at bisita ng mga puntos na magagamit sa pamimili sa mga lokal na negosyo na nakabase mismo sa County ng San Mateo.
- Ang bawat lokal na reward point ay katumbas ng \$1, na madaling magagamit sa mga kalahok na lokal na negosyo.
- Sa ganitong paraan, mapapanatili nating malakas ang ating lokal na ekonomiya at magagantimpalaan ang mga tao para sa paggasta ng kanilang dolyares sa lokal na komunidad.

Mapagkakatiwalaan ko ba ang programang ito na protektahan ang aking impormasyon:

- Oo, ang programang ito ay binubuo at inilulunsad ng County ng San Mateo gamit ang pondo para sa pagbangon ng ekonomiya mula sa COVID-19 na may layuning suportahan ang mga lokal na maliliit na negosyong naapektuhan ng pandemya at makatulong sa pagbangon ng ekonomiya.
- Ang County ng San Mateo ay nakikipagtulungan sa inyong Lungsod at lokal na Chamber of Commerce.
- Walang ibabahaging impormasyon sa anumang iba pang ahensya ng gobyerno at pangunahing priyoridad namin ang inyong privacy.

Benepisyo sa inyong negosyo:

- Naglalaan din ang app ng platform para sa mga negosyo upang mag-publish, mag-market at makipag-ugnay nang direkta sa mga residente at bisita ng County ng San Mateo.
- Maaari ninyong ibahagi ang inyong natatanging kuwento, i-upload ang litrato ng inyong negosyo, at pataasin ang visibility.
- Dahil sa pandemya, naging mas komportable ang mga tao sa paggamit ng mga smartphone app at pamimili online - ngayon, kailangan nating ibaling ang ilan sa mga paggastang iyon sa mga lokal na negosyo para matulungan ang maliliit na may-ari ng negosyo na makabangon mula sa epekto sa ekonomiya ng COVID-19.

Pilot Launch ng *Choose Local San Mateo County*:

- Inirekumenda ang inyong negosyo ng inyong lokal na Lungsod at/o Chamber of Commerce upang makilahok sa paunang paglulunsad ng pilot program sa Setyembre 2021.
- Ang mga kwalipikadong negosyo na hindi kasama sa Pilot Launch phase ay agad na idaragdag hangga't maaari sa sandaling mabuo namin ang pinakamahuhusay na gawi sa pilot phase.
- **Kung hindi ninyo nais makilahok sa anumang paraan sa ngayon, magpadala ng email sa chooselocalredwoodcity@chambersmc.org at hilinging matanggal mula sa aming listahan.**

Oo! Nais kong makilahok sa *Pilot Launch ng Choose Local San Mateo County*:

- Upang i-customize ang profile ng inyong negosyo, pakikumpleto ang [form na ito](#) bago lumipas ang Biyernes, ika-27 ng Agosto.
- Kung hindi mo makukumpleto ang form na ito sa takdang panahong nabanggit, ipu-publish sa ngalan ninyo ang isang generic o pangkaraniwang bersyon.
- [Mag-click dito para pumunta sa opisyal na website ng County ng San Mateo](#) upang matuto pa tungkol sa bagong app na makakapag-boost ng inyong maliit na negosyo!

Kung mayroon kang mga katanungan, makipag-ugnay sa chooselocalsmc@colu.com